# FALUN GONG

Isang malakas na *Qigong/Meditation System* na
naaayon sa sang-sinukubang simulain ng



| **Katotohanan** | **Kagandahang-loob** | **Pagpaparaya** |
|---|---|---|
| 眞 | 善 | 忍 |



- 100 milyong *practitioners* ng Falun Gong sa mahigit na 40 bansa
- Kahit ano mang lahi, pamumuhay o kalinangan
- Mahusay para sa kalusugan; Nagpapagaan ng pakiramdam
- 5 madaling gawing pagsasanay at meditation
- Ayos sa ano mang edad
- Libre

**Please text 0919-404-7829**
**or contact jbmail@myrealbox.com**





**www.falundafa.org**

Falun Gong na kilala rin na *Falun Dafa* ay nagbibigay ng pang-kaisipan at pang-katawang kabutihan, sa pamamag-itan ng madaling matutuhang pagsasanay, meditation at sa pagsasa-ayos ng “uri ng puso/isipan” (*xinxing*). Ang Falun Gong ay sobra nang 5000 taon. Ito ay unang ipinakita sa madla ni G. Li Hongzhi noong taong 1992 sa Tsina. Simula noon, napakaraming tao na sa buong Mundo ang nagsanay nito na nagkaroon ng pagbabago sa kanilang kalusugan at buong katauhan.

Ang Falun Gong ay hindi isang reliyun. Hindi rin ito isang sekta, o isang kulto. Wala itong ritwal , pari o antas. Kailan man ay hindi ito sumingil ng pera o tumanggap ng abuloy. Wala itong kapisanan at wala ring mga kasapi. Sinuman ay pwedeng lumahok o umalis kahit anong oras. Kaya nga wala itong kaanyuan.

Pinaiiral ng Falun Gong ang paglilinang ng sarili. Kasama nito ang mga sumusunod: pagtatapon ng hindi magandang ugali; pagbibitiw ng masamang pag-kakaugnay; pag-uunawa ng nakukuha at nawawala; at ang pag-sasaangkop ng isang sarili sa simulaing *Zhen*, *Shan*, *Ren* (Katotohanan, Kagandahang-loob, Pagpaparaya).

Ang Falun Gong ay may kasamang 5 madali ngunit malakas na pagsasanay – apat (4) na patindig, at isang (1) paupo, para sa meditation. Ang dahan-dahan at maayos na kibo ay nagbibigay dalisay sa katawan, pinabubuti ang daloy dito, nagbubukas ng takbuhan ng kasiglahan, at nag-tataas ng antas niyon. Ang pagsasanay ay pwedeng gawin sa grupo o nag-iisa – kahit saan, o kahit anong oras. Ito ay itinuturo ng walang bayad.

Ang pinagbabatayan ng mga simulain ng Falun Gong ay makukuha sa aklat na **Zhuan Falun** (*Revolving the Law Wheel*). Ito ay isinalin sa mga 20 wika na. Mababasa rin ang nagpapakilalang aklat na **Falun Gong** na may mga larawan pa ng mga pagsasanay. Ang mga aklat na ito at ang isang exercise video ay maaaring makuha nang walang bayad sa internet www.falundafa.org. Makikita rin ang isang 9-araw lecture video.

Ang Falun Gong at si G. Li Hongzhi ay napag-kalooban na ng mahigit na 600 gantimpala at mga parangal mula sa Canada, Japan, USA, Russia, Australia, atbp. Ito ay nagpapatunay marahil sa kagalingang ibinibigay ng Falun Gong sa mga tao sa iba’t-ibang panig ng Daigdig.

[www.faluninfo.net](http://www.faluninfo.net)  [www.clearwisdom.net](http://www.clearwisdom.net)

# SOS! Pigilan ang marahas na pagpaparusa sa Falun Gong sa Tsina!

Ang Falun Gong ay walang pang-politikang layunin o kasapian. Ang Pamahalaang Tsina ay nagkakamali sa palagay na kaaway nila ang Falun Gong dahil sa ang mga lumahok dito ay lalong marami kaysa mga kasapi sa Partidong Kumunista ng Tsina. At saka, ang ideolohiyang Kumunista sa Tsina ay hindi naniniwala sa paniniwalang ispiritwal. Ang mga Katoliko, Protestante, Budista, mga Tibetan at iba pa ay kanila ring pinaparusahan.

Ang mga paratang laban sa Falun Gong sa mga paninira ng Pamahalaang Tsina ay gawa-gawa lamang at walang batayan. Ginamit ni Jiang Zemin and *Tsinang media* para gumawa ng mapanirang istorya, siraan ang Falun Gong bilang isang "*evil cult*", at gumawa ng mga kaso tulad ng "*Self-immolation* sa Tiananmen Square" para masira ang mabuting pangalan ng Falun Gong. Ang karahasan at sariling pagpapakamatay ay taliwas sa mga simulaing Katotohanan, Kagandahang-loob at Pagpaparaya.

Ang patakaran ni Jiang Zemin ay "walang kaparusahang mabigat bastat malipol lamang ang Falun Gong." Libo-libo na ang napiit; marami rin ang binugbog, ginahasa, pinahirapan, pinilit sa trabaho, bahay, eskwelahan, ikinulong sa piitan, ospital ng mga baliw, at sapilitang pagtratrabaho – ng walang paglilitis. Marami rin ang namatay sa sinasabing "pagbabagong-daan-sa-pag-aaral" (brainwashing). Sobrang 301 na practitioners ng Falun Gong ang mga namatay sa kamay ng Pamahalaang Tsina. Milyon-milyong mga aklat ng Falun Gong ang sinilaban, o sinira.




**Ms. Zhu tortured with the "prison in hell device"**

Wala kahit isang practitioner ay lumaban o nanakit ng mga pulis sa harap ng mga mabibigat na parusa at pananakit sa kanila. Ang pananatili nilang matatag, sa harap ng mga parusa at pananakit, ay nagsasabi sa Mundo kung ano ang Falun Gong at kung gaano katahimik at kabuti ito. Tumanggap ang Falun Gong ng tulong sa maraming samahan tulad ng Human Rights Watch, Amnesty International at ang United Nations. Ang tagapagtatag ng Falun Gong na si G. Li Hongzhi ay nababanggit na marami nang beses para sa Nobel Peace Prize.

Ang mga sumusubaybay sa Falun Gong ay nakikiusap sa lahat ng may mabuting kalooban sa buong Mundo para matigil na ang pagpapahirap sa Falun Gong.

